

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nasiguro na ng Brampton ang mga pamumuhunan ng Canada at Ontario sa Chinguacousy Wellness Centre

BRAMPTON, ON (Pebrero 9, 2021) – Sa araw na ito, inanunsiyo ni Mayor Patrick Brown; Ruby Sahota, Miyembro ng Parliyamto para sa Brampton North, sa ngalan ni Kagalang-galang Catherine McKenna, Minister of Infrastructure and Communities; Maninder Sidhu, Miyembro ng Parliyamto para sa Brampton East; Si Kagalang-galang na Prabmeet Sarkaria, Associate Minister of Small Business and Red Tape Reduction at Miyembro ng Panlalawigang Parliyamto para sa Brampton South, sa ngalan ni Kagalang-galang Laurie Scott, Minister of Infrastructure ng Ontario; at Amarjot Sandhu, Miyembro ng Panlalawigang Parliyamto para sa Brampton West, ang pondo para sa renovation ng Chinguacousy Wellness Centre.

Ang Pamahalaan ng Canada ay namumuhunan ng \$572,000 sa proyektong ito sa pamamagitan ng Community, Culture and Recreation Infrastructure Stream (CCRIS) ng plano na *Investing in Canada*. Ang Pamahalaan ng Ontario ay nagbibigay ng \$476,619, habang ang Lungsod ng Brampton ay umaambag ng \$381,381.

Ang proyekto ay binubuo ng panloob at panlabas na mga renovation sa panlibangang sentro para mapahusay ang accessibility at ang karanasan ng mga gumagamit. Kabilang sa mga pag-upgrade na panloob ay ang mga bagong washroom, mga silid na pagbibihisan, isang sauna, locker amenities, at mga pasilidad sa shower. Ang upgraded na drainage sa sahig sa lahat ng bahagi, kabilang ang retiling ng hot tub area, ay magpapaigting din sa kaligtasan ng komunidad.

Sa panlabas ng gusali, ang mga pagkumpuni sa mga walkway at mga catch basin ay mas magpapahusay sa paagusan sa hilagang bahagi. Kabilang sa upgraded na paradahan ang mas maliwanag, mas matipid sa kuryenteng fixtures. Ang mga upgrade ng Chinguacousy Wellness Centre ay bahagi ng [Master Plan sa mga Parke at Libangan](#) ng Lungsod ng Brampton, renewal na plano para sa mga sentrong panlibangan ng Brampton.

Ang Chinguacousy Wellness Centre ay nananatiling sarado dahil sa pagsasara sa buong Lalawigan bilang tugon ng COVID-19. Inaasahang maganap ang mga renovation simula sa Spring 2021.

Mga Link

- [Canada at Ontario namumuhunan para mas pagandahin ang imprastrakturang panlibangan sa Brampton](#)
- [Master Plan ng mga Parke at Libangan](#)

Mga Quote

“Ipinagmamalaki natin na i-welcome itong mga mahalagang pamumuhunan mula sa Pamahalaan ng Canada at Pamahalaan ng Ontario sa Chinguacousy Wellness Centre ng Brampton. Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod at patuloy nating tinitiyak na ang Chinguacousy Wellness Centre at ang lahat ng atin panlibangang mga sentro ay nag-aalok sa mga residente ng madaling maakses, ligtas na karanasan para manatiling malusog at aktibo, at makapagsaya.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga sentrong panlibangan ng Brampton ay ang puso ng ating komunidad. Salamat sa Pamahalaang Pederal at sa Pamahalaang Panlalawigan para sa pagsuporta sa mga upgrade sa Chinguacousy Wellness Centre bilang bahagi ng Master Plan sa ma Parke at Libangan. Ang mga upgrade sa Chinguacousy Wellness Centre ay magpapaganda sa mga libangan sa Brampton at makakatulong sa paghikayat ng aktibong uri ng pamumuhay para sa lahat Bramptonian.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang panloob at panlabas na mga upgrade sa Chinguacousy Wellness Centre ay mahalaga sa pagiging madaling maakses, kaligtasan at pangkalahatang karanasan ng tagagamit sa pasilidad. Nananabik tayong umpisahan ang mga renovation na ito at inaasahan ang patuloy na pagtutulungan sa lahat ng antas ng pamahalaan tungkol sa mga proyekto sa Brampton sa hinaharap.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang Lungsod ng Brampton sa pakikipagtulungan sa lahat ng antas ng pamahalaan para maghatid ng kailangang suporta sa ating komunidad. Ang mga pamumuhunan sa Chinguacousy Wellness Centre ay kaayon sa estraterjik na pamamaraan ng Master ng mga Parke at Paglilibang para i-renew ang panlibangang mga pasilidad sa ating komunidad at nagbibigay ng napaka-ekselente na panlibangang mga pagkakataon sa mga Bramptonian.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang pamumuhunan sa mga sentrong panlibangan ng komunidad ay nagtataguyod sa kalusugan at kabutihan ng mga tao at nagtatayo ng nagsasali at sustainable na mga komunidad kung saan ang mga tao ay gustong manirahan, magtrabaho, at bumuo ng pamilya. Ang renovation sa Chinguacousy Wellness Centre ay magbibigay ng mas magandang access sa panlibangang mga pagkakataon para sa mga residente ng Brampton. Ang plano sa imprastruktura ng Canada ay namumuhunan sa libo-libong mga proyekto, lumilikha ng mga trabaho sa buong bansa, at nagtatayo ng mas mas malinis, mas nagsasalang mga komunidad.”

- *Ruby Sahota, Miyembro ng Parliyamto para sa Brampton North, sa ngalan ni Kagalang-galang Catherine McKenna, Minister of Infrastructure and Communities*

“Ang pamumuhunan sa komunidad, kultura, at panlibangang imprastruktura ay mahalaga sa paglikha ng mga komunidad na nagsasali at sustainable. Ang mga pagpapaganda sa Chinguacousy Wellness Centre ay magpapahaba sa buhay ng pasilidad, at nagtitiyak na ang mga panauhin ay maaaring mag-enjoy sa mga programa at mga aktibidad para sa mga taon na darating.”

- *Maninder Sidhu, Miyembro ng Parliyamto para sa Brampton East*

“Ang pamumuhunan sa libangan ng Brampton sa panahong ito ay magtitiyak na patuloy tayong makapag-enjoy sa lungsod na mahal natin, bukas. Sa pagpapaganda ng ating mga pasilidad at sa pagtulong sa mga pamilya na manatiling aktibo, nagbibigay tayo sa ating komunidad ng nakakalusog at masayang mga paraan na malampasan itong problemang kinakaharap natin.”

- *Si Kagalang-galang na Prabmeet Sarkaria, Associate Minister of Small Business and Red Tape Reduction at Miyembro ng Panlalawigang Parliyamto para sa Brampton South, sa ngalan ni Kagalang-galang na Laurie Scott, Minister of Infrastructure ng Ontario*

“Napakasaya ko sa anunsyo ng pag-apruba sa proyektong renovation sa Chinguacousy Wellness Centre. Ang pamumuhunan na ito dito mismo sa ating magandang lungsod ay magpapahintulot sa dagdag na mga pagkakataon para sa mga Bramptonian at sa kanilang mga pamilya na mamuhay sa nakakalusog at aktibong uri ng pamumuhay.”

- *Amarjot Sandhu, Miyembro ng Panlalawigang Parliyamto para sa Brampton West*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

MGA KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

Christine Bujold
Press Secretary
Office of the Honourable Laurie Scott, Ontario's Minister of
Infrastructure
416-454-1782 | christine.bujold@ontario.ca

Sofia Sousa-Dias
Communications Branch
Ontario Ministry of Infrastructure
437-991-3391 | sofia.sousa-Dias@ontario.ca

Media Relations
Infrastructure Canada
613-960-9251
Toll free: 1-877-250-7154
Email: infc.media.infc@canada.ca
Sundan kami sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#)
Web: Infrastructure Canada